
SA
WAKAS
TIM LIWANAG

SA WAKAS

Copyright © 2022 Tim Liwanag
Smashwords Edition
ISBN: 9781005509200
Lahat ng karapatan ay nakalaan

Larawan sa harap: *pexels*
Disenyo: Tim Liwanag

I-address ang mga katanungan kay:
Tim Liwanag
Official Facebook: https://www.facebook.com/tim.liwanag

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin, iimbak sa isang sistema ng pagkuha, o ipadala sa anumang anyo o sa anumang paraan – electronic, mekanikal, photocopy, recording, o anumang iba pa – maliban sa mga maikling sipi sa mga nakalimbag na pagsusuri, nang walang paunang pahintulot ng may-akda.

Ang lahat ng mga talata ay sinipi mula sa *Ang Salita ng Dios* (ASND)

MGA NILALAMAN

PASASALAMAT
PAMBUNGAD
MGA HULING ARAW
SA WAKAS
KATUPARAN NG MGA PANAHON
LUMIPAS NA
KONKLUSYON
APENDISE 1: SA PASIMULA
APENDISE 2: A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem
TUNGKOL SA MAY-AKDA

"Ang mga lumang bagay ay lumipas na… Ang lahat ng mga bagay ay naging bago."
~ Pablo, apostol ng Dios para sa inyo

PASASALAMAT

Nagpapasalamat ako sa ating Ama para sa bawat isa sa inyo.

Ang aking napakabuting asawa na si Grace at ang mga anak namin na sina Gwen, Love, at Zsofi na walang humpay na nagmamahal at umuunawa sa aking mga panahon sa pagsusulat.

Sa aking ina na naging halimbawa sa amin ang kanyang dedikasyon at pagtitiis, kasama na rin sa pananatili ang aking kapatid na babae at pamangkin.

Ang aking mga biyenan sa kanilang katiyagaan sa pagtingin sa aming mga anak.

Sa mga kapatiran na nagbibigay ng panahon sa pagbabasa ng mga inaaral namin.

Muli, sa mga walang-sawang mambabasa ng aking mga sinulat, maraming salamat po!

PAMBUNGAD

Gaano mo kadalas naitatanong sa iyong sarili, "Kailan ang katapusan ng mundo?" Mahuhulaan ba natin kung kailan magaganap ang mga huling araw? O, ano ang mangyayari sa sangkatauhan bago iyon?

Ang isa sa pinakapinaghahandaan o alalahanin na kinakaharap ng mga Kristiyano sa ngayon ay ang hula tungkol sa 'Katapusan ng Panahon'. Ang mga mensaheng ito ay maaaring magmula sa mga lokal na simbahan mismo o mula sa labas na mga mapagkukunan ng mga balita. Ang mga Kristiyano sa buong mundo ay nakikinig na sa sekularisasyon ng hula sa katapusan ng mundo. Dahil ang mga Kristiyanong simbahan ay nagbigay ng interpretasyon ng propesiya mula sa industriya ng pelikula, mga tagapaglathala ng mga kwento ng science fiction, atbp., sila ay naging sekular na. Bilang resulta, ang ilang mga Kristiyano ay tumigil na sa pag-aaral ng Biblia tungkol sa mga hula noon dahil hindi natutupad ang mga ito.

Marahil ang mga nag-uusisa tungkol sa wakas ng panahon ay naghihintay na may takot, pinipigilan ang lahat ng mga personal na plano, dahil iniisip na sa "mga huling araw" ay magwawakas din ang lahat anumang oras. Ang iba naman ay linggu-linggo na nag-aabang ng mga "mga tanda ng mga panahon" o "senyales ng Diyos" habang umaasa sa kaligtasan ng kanilang kaluluwa. Minsan nanghuhula na rin habang tinutuklas ang kahulugan ng 666, inaalam ang panahon ng paglabas ng Anticristo, at nagtatakda ng mga petsa para sa pagbabalik ni Cristo. Ngunit, sa totoo lang, may ilan na matapang dahil hindi na nag-aalala tungkol sa drama ng katapusan ng panahon dahil alam nila na ang mga bagay sa kasalukuyan o mga bagay na darating ay hindi makapaghihiwalay sa kanila sa pag-ibig ng Diyos.

Kaya, alamin natin ang mga interpretasyon tungkol sa 'Wakas' na bukas ang isip.

Una, sa interpretasyon na ang 'Wakas' ay may '**Mga Huling Araw**':

2 Timoteo 3:1 ASND
Tandaan mo ito: Magiging mahirap ang mga huling araw,

Iniuugnay ng karamihan na ang 'Mga Huling Araw' bago ang 'Wakas' ay magkakaroon ng mga kahirapan, na sa mga panahon na iyon ay nakakabit din ang paglapastangan sa Diyos, trayduran, mga giyera, kagutuman, at kapahamakan. Hindi lamang iyon, ang 'Mga Huling Araw" ay tinatawag ding "panahon ng kadiliman" dahil sa paghaharian daw ni Satanas ang sandaigdigan.

Pangalawa, may interpretasyon din na ang 'Wakas' ay may '**Huling Araw**' at '**Huling Oras**':

1 Juan 2:18-19
Mumunting mga anak, ito ang huling oras: at gaya ng inyong narinig na darating ang anticristo, kahit ngayon ay lumitaw ang marami nang anticristo; kaya nga nalalaman natin na ito na ang huling oras.

Sa pangalawang interpretasyon na ito ay mapapansin natin na ang 'Huling Oras' ay wala sa panahon natin, kundi nasa panahon ni Juan. Ngunit kahit na ito ay nasa panahon pa nang sinulat ni Juan ang kanyang liham ay kinatatakutan pa rin ang kasalukuyang panahon. Bakit? Dahil ang 'Huling Oras' daw ay hindi pa ang 'Wakas'.

Ang mga nabanggit ba natin sa itaas tungkol sa 'Wakas' ay magkakaibang panahon? Kung hindi naman at tama si Juan na nangyari na sa panahon niya ang 'Huling Oras' ay maaari ring tama si Pablo dahil para sa kanya "Ang mga lumang bagay ay lumipas na" (2 Corinto 5:17).

Kung nagsilipas na ang mga dating bagay na nagmula sa mga hula ay ipapakita natin sa biblical at lohikal na paraan ang mga konseptong ito. Kaya, simulan na buksan ang ating mga isip sa pagtanggap na kung may 'Pasimula' ay may 'Wakas' at ang 'Katuparan ng Mga Panahon' na iyon ay lilipas din.

MGA HULING ARAW

2 Timoteo 3:1 ASND
Tandaan mo ito: Magiging mahirap ang mga huling araw,

Kapag sinabi ba na may mga hula sa Biblia tungkol sa 'Mga Huling Araw' ay paniniwalaan natin agad na ito ay tungkol sa 'Wakas ng Panahon' o 'Katapusan ng Mundo'? Kung hindi ganoon, dapat nating itanong na ito ba ay "ang mga huling araw ng ano?" Ano ba ang mga mangyayari sa mga panahong iyon?

Dahil sa nasimulan na natin sa pagtatanong, hinihikayat ko na bigyan din ng pagkakataon na basahin ang mga pahina nito at maaaring makita ninyo na may iba pang paraan para maunawaan ang tungkol sa 'Wakas'.

Kailan nga ba ang 'Wakas ng Panahon'?

Lagi nating naririnig ang mga pananalitang ito: "mga tanda ng mga panahon," "katapusan ng daigdig," "araw ng paghuhukom," at "pagkagunaw ng mundo." Ngunit hindi natin nasusuri kung paano ginagamit ang mga pananalitang ito ayon sa sinapit ng bansang Israel, nang sakupin sila at wasakin ng Imperyo ng Roma ang Templo ng Jerusalem noong 70 AD. Ito ang mga kahirapan na sinasabi sa pagtatapos ng Lumang Tipan na tinawag ding 'Katapusan ng Panahon' ng mga Judio (Mateo 24; Lucas 21:20-24).

Kaya, ang panahon ng 'Mga Huling Araw' ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng pagsiyasat sa mga pangyayaring nauukol dito gaya sa mga takdang panahon na sumasaklaw sa pagdating ng Cristo sa Israel, sa pakikinig sa kanyang tinig na mas higit pa sa mga hula ng Lumang Tipan, sa pagtalikod ng mga Judio sa kanyang mga turo at propesiya na umabot sa katapusan ng Lumang Tipan. Noon din ginanap ang minsan lamang niyang ginawa na paghahandog ng kanyang sarili para sa kanilang katubusan (Hebreo 1:1-2, 9:26).

Kapansin-pansin na tinawag ni Apostol Pedro ang mga araw na iyon bilang "mga huling panahon."

MGA HULING PANAHON

1 Pedro 1:20 ASND
Bago pa likhain ang mundo, pinili na ng Dios si Cristo para maging Tagapagligtas natin. At ipinahayag siya ng Dios nitong mga huling araw alang-alang sa inyo.

Nakasulat ang kasabihan na 'Mga Huling Araw' sa 1 Pedro 1:20 ng Biblia na *Ang Salita ng Dios* (ASND) pero sa salin ng *Ang Biblia, Tagalog* (ABTAG) naman ay 'Mga Huling Panahon':

1 Pedro 1:20 ABTAG
Na nakilala nga nang una bago itinatag ang sanglibutan, nguni't inihayag sa mga huling panahon dahil sa inyo,

Kung ang 'mundo' at 'sanglibutan' ay magkasingkahulugan sa talata, ang 'Mga Huling Araw' at 'Mga Huling Panahon' ay magkasingkahulugan din. Ibig sabihin, sa dalawang salin na ito ay nalaman natin na sa mga araw na nabubuhay si Pedro noon ay mga panahon din iyon ng 'Wakas'.

Bukod pa rito, isinulat din ni Pedro ang kanyang liham noong panahon ng pinakamatinding pag-uusig ng Imperyo ng Roma, nang binansagan na "Babilonia" ang Jerusalem (1 Pedro 5:13). Napakalaking ebidensiya ang pangunahing bansag sa Jerusalem at makikita natin sa Pahayag 17 at 18 ang paglalarawan dito.

Kung sineseryoso natin ang mga kahulugan ng mga tekstong ito na ginamit nina Juan at Pedro sa kanilang orihinal na mga tagapakinig, sa mga Kristiyano noong unang siglo, ang katapusan ng mga panahon ng mga Judio sa ilalim ng Lumang Tipan ay malapit na, at ang kaganapan ng paghatol sa di-matwid na Jerusalem ay malapit na.

Dahil sa mga panahon kung kailan ang mga kasabihang ito ay naganap, masasabi natin na naniniwala ang mga apostol na ang Jerusalem, gaya ng kanilang pinaniniwalaan na ito ay naging isang uri ng Babilonia, na ito ay isang makasalanang lungsod na parurusahan o pupuksain sa pamamagitan ng Imperyo ng Roma. Ipinakikita nila sa atin na ang lungsod ng Jerusalem ay nasa 'Mga Huling Araw' na.

Nakatitiyak tayo na ang mga panahon na iyon ay ang 'Mga Huling Araw' dahil na rin sa mga hula na natutupad gaya ng propesiya ni Joel tungkol sa pagbuhos ng Espiritu ng Diyos at iyon ang naging pahayag ni Pedro nang magkaroon ng pagtitipon sa piyesta ng Pentecostes (Mga Gawa 2:17).

Tila ang lahat ng mga apostol at manunulat sa mga panahong iyon ay pinaalalahanan ang mga mananampalataya na kanilang sinulatan tungkol sa mga katuparan ng mga hula o propesiya dahil dumating na ang paghuhukom ni Cristo.

Lahat ng mga babala nina Cristo at mga apostol tungkol sa sasapitin ng Israel o mga Judio na tumutukoy sa 'Mga Huling Araw' ay naganap noong mga panahon na ang pagsuway at kasalanan ay tila nasa sukdulan na at nagmumula ang lahat sa Templo sa Jerusalem. Ang 'Wakas' ay kapansin-pansin at darating sa pamamagitan ng pagkawasak ng Jerusalem.

ANG HULING ARAW

Ang kasabihan na 'Mga Huling Araw' ay isang tuntunin na para sa mga Judio na tumutukoy sa mga araw ng Mesiyas. Hindi dapat iniuugnay ito sa mga hula ng siyensiya at sa mga pelikula tungkol sa katapusan ng tao o daigdig. Nasabi na natin na ang 'Mga Huling Araw' ay tungkol sa panahon at estado ng mga Judio sa ilalim ng Batas ni Moises o sa Lumang Tipan.

Ang punto ay ito: ang 'Mga Huling Araw' ay talagang may katapusan — ang 'Huling Araw' hanggang sa 'Huling Oras' ng 'Wakas'.

Nagpakita si Jesucristo sa 'Mga Huling Araw' ng panahon ng Lumang Tipan sa Israel. Tiniyak niya na ang lahat ng nakakita [nakakilala] at naniwala sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan at silang lahat ay babangon sa 'Huling Araw' (Juan 6:39-40). Siya ay nagpropesiya din na sa 'Huling Araw' ay darating ang paghuhukom sa mga tumanggi sa kanya at sa kanyang mga salita (Juan 12:48).

Kapag tatanggapin nila ang tungkol sa hinulaang 'Huling Araw' ni Cristo, inaasahan din ng mga Judio na magbibigay ng patunay ang Diyos. Anong ebidensiya sa Biblia ang maaaring magpapatunay na ang mga patay ay muling bumangon sa 'Huling Araw'?

Binanggit ni Pablo ang itinalaga ng Diyos na "araw ng muling pagkabuhay at paghuhukom" sa gitna ng burol ng Mars:

> *Mga Gawa 17:31 ASND*
> *Sapagkat nagtakda ang Dios ng araw kung kailan niya ipapataw ang kanyang makatarungang hatol sa lahat ng tao rito sa mundo sa pamamagitan ng taong kanyang pinili. Pinatunayan niya ito sa lahat, nang buhayin niyang muli ang taong iyon."*

Kung nasa isip ng apostol ang "pagkabuhay na muli ng katawan" ni Cristo sa kanyang talumpati sa burol ng Mars, baka naisip niya na ang "muling pagkabuhay ng mga patay" ay nagsimula na rin noong panahong iyon.

Bukod pa kay Cristo, "maraming katawan ng mga banal na natutulog ang bumangon" mula sa libingan (Mateo 27:52-53).

Hindi lamang iyon, si Jesu-Cristo ay nagpakitang buhay siya sa nakararami sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakakumbinsing mga patunay ng kanyang muling pagkabuhay sa loob ng apatnapung araw (Mga Gawa 1:3).

Higit pa rito, ang apatnapung araw na ito nina Cristo at ng kanyang mga alagad ay maaaring isang sagisag ng apatnapung taon. Dahil mula sa kanyang kamatayan hanggang sa kanyang muling pagdating upang maghiganti sa bansang Judio ay isang henerasyon mula roon hanggang sa pagkawasak ng Jerusalem.

ANG HULING ORAS

Ang kasabihan na 'Huling Oras' ay walang ibang ibig sabihin kundi 'Oras ng Pagtatapos' ng 'Mga Huling Araw' sa Lumang Tipan. Kaya kapag sinabi na 'Huling Oras' na ay dumating na ang katapusan.

Sa kasalukuyang panahon, ang 'Huling Oras' ay maaaring maintindihan sa karaniwang mga kasabihan na ginagamit gaya ng "Oras na" o "Ngayon na" dahil napapanahon na. Sa Juan 5:25 ay ganito ang ibig ipahiwatig: *"... darating ang panahon, at dumating na nga..."*

Iniuugnay din ang 'Huling Oras' sa "muling pagkabuhay ng mga patay" kaya nang sabihin iyon ni Jesu-Cristo ay dumating na ang takdang oras na hinihintay nilang lahat.

Sa 1 Juan 2:18-19, ang 'Huling Oras' naman ay isang babala tungkol sa paglitaw ng mga anticristo.

Kung gagamitin nating basehan ang mga talatang ito ay mauunawaan natin na ang 'Huling Oras' ay naganap na sa panahon nina Cristo at Juan dahil naglabasan na ang mga taong maka-Cristo at mga anticristo. Hindi na kailangan pang hintayin ang hinaharap na paghihiwalay ng mga matwid at mga di-matwid dahil dumating na ang oras na iyon.

Sakop din ng 'Huling Oras' ang 'Oras ng Pag-uusig' at 'Oras ng Paghihimagsik' na gagawin ng mga di-matwid o mga anticristo, ngunit ang oras ding iyon ay 'Oras ng Pagtitiis' para sa mga matwid o maka-Cristo (Marcos 13:11-13).

Kung susuriin natin ang mga talatang nabanggit dito ay makikita rin natin ang pagkilos ng Banal na Espiritu gaya sa nasa Mga Gawa 1:8.

Binibigyang-diin natin ang 'Huling Oras' bilang isang katuparan ng mga propesiya. Kaya, ang 'Huling Oras' ay pinakahudyat ng Wakas (1 Corinto 15:24; 1 Pedro 4:17) at 'Katuparan ng Mga Panahon' (Efeso 1:10).

SA WAKAS

1 Corinto 13:8 ASND
May katapusan ang pagpapahayag ng mensahe ng Dios at ang pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan, ganoon din ang pagpapahayag ng kaalaman tungkol sa Dios, ngunit ang pag-ibig ay walang hangganan.

Kung bubuo ng isang konsepto ang mga taga-Corinto mula sa paninindigan ni Apostol Pablo tungkol sa 'Katapusan' ay mangangahulugan na ito ang 'Wakas' ng mga propesiya at mga makapangyarihan sa panahon ng Ikalawang Templo ng mga Judio.

Nang isulat ni Pablo ang unang liham para sa kanila ay maaaring nasa 53–54AD pa lamang sila at ang hinihintay nilang 'Wakas' ay 70AD dahil naganap noon ang pagkahulog ng Jerusalem at pagkawasak ng Ikalawang Templo.

Ang 'Wakas' na iyon ay hindi ang "katapusan ng sanglibutan" tulad ng alam ng mga tao ngayon, kundi ang 'Katuparan ng Mga Panahon' tungkol sa pagtatapos ng Lumang Tipan, pagtigil ng kaguluhan sa pagtatalaga ng mga pari sa Templo at kalapastanganan ng mga sekta ng mga Judio, at pagwawakas sa kawalan ng makatarungang batas sa ilalim ng paghahari ng mga Herodes.

Ang 'Wakas' na iyon ay hindi tungkol sa digmaang pandaigdig, pandemya, o pinakamalakas na lindol o bagyo. Marahil sa ganitong paraan ninyo nabalitaan ang tungkol sa 'Katapusan ng Mundo' pero hindi ito ang 'Wakas' na tinutukoy ni Pablo.

Sabi nga, kinailangan ni Paul na paalalahanan ang mga taga-Corinto tungkol sa: 1) 'Katapusan ng Mga Hula o Propesiya' at 2) 'Katapusan ng Lahat ng Mga Kapangyarihan' dahil ang higit sa lahat ay pagmamahal (1 Corinto 13:13).

KATAPUSAN NG MGA PROPESIYA

Ang mga hula o propesiya ay tinatawag ding pagpapahayag ng mensahe ng Diyos. Ang mga mensahe na galing sa Diyos ay may pinagmulan at ito ay mula sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu (Mga Gawa 1:8).

> *1 Corinto 13:8 ASND*
> *May katapusan ang pagpapahayag ng mensahe ng Dios at ang pagsasalita sa ibang wika na hindi natutunan, ganoon din ang pagpapahayag ng kaalaman tungkol sa Dios, ngunit ang pag-ibig ay walang hangganan.*

Kung ang mga hula o propesiya ay may pinagmulan, ang mga biyayang ito ay may katapusan din.

1 Corinto 13:9-10 ASND
Hindi pa ganap ang ating kaalaman, ganoon din ang pagpapahayag natin ng mensahe ng Dios. Ngunit pagdating ng araw na magiging ganap ang lahat, mawawala na ang anumang hindi ganap.

Ang 'Wakas' na tinutukoy ni Pablo rito ay ang 'Kaganapan ng Lahat' at sa 'Katuparan ng Mga Panahon' ay makukumpleto na ang mga mensahe ng Diyos.

Colosas 1:25 ASND
Itinalaga ako ng Dios na maging tagapaglingkod ng iglesya para lubusang ipahayag ang mensahe niya sa inyo na mga hindi Judio.

KATAPUSAN NG MGA KAPANGYARIHAN

Nang tawagin ng Diyos si Pablo na maging apostol, ang pamahalaang Romano at ang Sanhedrin ay hindi lamang ganap na awtoritaryan, parehong literal nilang nakikita ang kanilang mga sarili na mga diyos.

Ngunit lahat ng mga nagmamalaking makapangyarihan at mga diosdiosan, ayon sa hula, ay may 'Katapusan' din.

1 Corinto 15:24 ASND
At pagkatapos nito, darating ang katapusan. Lulupigin niya ang lahat ng kaharian, pamahalaan at kapangyarihan, at ibibigay ang paghahari sa Dios Ama.

Kung susuriin nating mabuti itong 1 Corinto 15:24 at titignan ang Roma 13:1-2 ay tila ba magkaiba ang sumulat:

Roma 13:1-2 ASND
Magpasakop kayong lahat sa mga namumuno sa pamahalaan. Sapagkat ang lahat ng pamahalaan ay nagmula sa Dios, at siya ang naglagay sa mga namumuno sa kanilang pwesto. Kaya ang mga lumalaban sa pamahalaan ay lumalaban sa itinalaga ng Dios, at dahil dito parurusahan niya sila.

Kung lilipulin ng Diyos ang lahat ng mga namumuno ay bakit kailangang protektahan niya ang mga ito kung may lumalaban sa pamahalaan? Dahil ba sa nagmula sa Diyos ang mga pamahalaan kaya hindi maaaring maghimagsik?

Parang may pagkakaiba ang dalawang talata, di ba? Marahil nangangatwiran lamang si Pablo at inuulit lang ang sikat na linya ni Jesu-Cristo na: *"Ibigay ninyo sa Emperador ang para sa Emperador, at sa Dios ang para sa Dios"* (Marcos 12:17).

Kahit na ginagawang lehitimo ng sulat para sa Roma ang gobyerno, parang ibinababa naman ito sa talata sa Corinto. Kaya, ano ang paniniwalaan at susundin ng mga Kristiyano sa panahong iyon? Labanan ba ang Roma, ngunit sumunod sa batas at maging mabuting mamamayan?

Tila mahirap itong solusyunan pero konteksto ang susi dito.

Una, binanggit na ni Pablo ang gobyerno na (1) nagmula sa Diyos [kay Jesu-Cristo] at (2) itinalaga ng Diyos. Hindi ito isang sekular na pamahalaan o gobyerno ng Roma na pinamumunuan ng mga Cesar dahil ang dios nila ay si Zeus o ang dyosa na si Roma.

Ang pamahalaan ng Diyos na tinutukoy ni Pablo ay mga pinuno sa mga sinagoga ng mga Gentil sa Roma. May mga sinagoga rin ang mga Judio ngunit kung dadalaw ang mga Kristiyano roon ay dapat nilang igalang ang mga namumuno. Dahil na rin nagkaroon ng hidwaan sa pagitan ng mga Judio at mga Gentil ay mas hinihikayat ni Pablo na magpakumbaba muna ang bawat isa at bigyan ng pagkakataon ang isa't isa na magpahayag ng mensahe ng Diyos dahil darating din ang panahon na lahat ng kanilang mga hula o propesiya ay huhusgahan.

Tandaan natin na ang labanan sa 'Huling Oras' ay labanan ng katotohanan at kasinungalingan, mga maka-Cristo laban sa mga anticristo, mga tunay na apostol laban sa mga nagpapanggap, at ang iglesya ng Diyos laban sa mga sinagoga ni Satanas.

Itinuring ni Pablo na ginawang tagabantay ng Banal na Espiritu ang mga namumuno sa iglesya o mga obispo laban sa mga ganid na tagapagturo (Mga Gawa 20:28-30).

Kung tatanggapin natin na lilipulin ng Diyos ang mga huwad na mga pinuno ng Sanhedrin at mga mapanirang mga guro sa sinagoga na tinutukoy ni Pablo ay masusunod na ang konteksto ng 'Katapusan ng Lahat ng Mga Kapangyarihan' sa ilalim ng Lumang Tipan.

Ang ibig sabihin din nito ay darating ang 'Kaganapan ng Lahat' na ang mga mensahe ng Diyos ay makukumpleto ngunit sisirain mismo ng mga sinungaling na namumuno sa kanilang mga sinagoga.

Alalahanin natin na pagdating ng 'Itinakdang Panahon' o 'Katuparan ng Mga Panahon' ay mapapasailalim ang lahat sa kapangyarihan ni Jesu-Cristo (Efeso 1:10).

KATUPARAN NG MGA PANAHON

Efeso 1:10 ASND
pagdating ng itinakdang panahon. At ang plano niya'y pag-isahin ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, at ipasailalim sa kapangyarihan ni Cristo.

Ang 'Katuparan ng Mga Panahon' o 'Itinakdang Panahon' ay ang darating na 'Kaganapan ng Lahat' na ang mga mensahe ng Diyos ay makukumpleto, na pag-iisahin ang lahat sa ilalim ng pangalan at kapangyarihan ni Jesu-Cristo, at ang Kaharian ng Diyos ay maghahari sa lahat (Marcos 1:15; Efeso 3:15; Colosas 1:25).

TAKDANG PANAHON

Ang 'Takdang Panahon' o 'Itinakdang Panahon' ay binanggit ni Jesu-Cristo na dumating na at ito ay tungkol sa paghahari ng Diyos.

Marcos 1:15 ASND
Sinabi niya, "Dumating na ang takdang panahon! Malapit na ang paghahari ng Dios...

Ang ibig sabihin din nito ay kikilalanin ng lahat [sasambahin] ang pangalan at kapangyarihan ng Panginoong Jesu-Cristo.

Filipos 2:9-11 ASND
Kaya naman itinaas siyang lubos ng Dios at binigyan ng titulong higit sa lahat ng titulo, upang ang lahat ng nasa langit at lupa, at nasa ilalim ng lupa ay luluhod sa pagsamba sa kanya.
At kikilalanin ng lahat na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikapupuri ng Dios Ama.

Sa 'Takdang Panahon' ay mapapasailalim ang lahat kay Jesu-Cristo. Ang kapangyarihan na tinutukoy ay si Jesu-Cristo mismo:

1 Corinto 1:24 ASND
Ngunit para sa mga tinawag ng Dios, Judio man o hindi, si Cristo ang siyang kapangyarihan at karunungan ng Dios.

Kung ang lahat sa langit at lupa ay mapapasailalim kay Jesu-Cristo, ano ang ibig sabihin ng "langit" at "lupa" rito?

Dahil ang 'Takdang Panahon' ay tungkol din sa pag-iisa ng "langit" at "lupa" ay ating kilalanin ang mga estadong ito:

Efeso 3:10 ASND
para sa pamamagitan ng iglesya ay maipahayag ngayon sa mga namumuno at may kapangyarihan sa kalangitan ang karunungan niyang nahahayag sa iba't ibang paraan

Ang 'Langit' ay ang estado ng mga namumuno at makapangyarihan sa Sanhedrin at mga sinagoga. Ang puwesto ng mga namamahalang pari at mga guro o tagapagturo ng Kautusan ni Moises ay tinatawag nilang "kalangitan" sa lipunan ng mga Judio. Dahil hindi nila kinikilala ang pangalan at kapangyarihan ni Jesu-Cristo ay tinawag silang "masasamang espiritu sa himpapawid" o "espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan" ni Pablo (Efeso 6:12 ABTAG):

Efeso 6:12 ASND
Sapagkat ang kalaban natin ay hindi mga tao kundi masasamang espiritu sa himpapawid – mga pinuno, may kapangyarihan at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa mundong ito.

Kaya, ang 'Langit' na naging "kadiliman" ay tumutukoy sa mga namamahalang pari sa Ikalawang Templo at mga guro sa mga sinagoga sa ilalim ng Lumang Tipan ng Judaismo. Ang "kadilimang" iyon ay ang kasamaan [masasamang mga turo at mga gawa] ng mga pinuno na bumubulag sa mga nasa 'Lupa' [mga ordinaryong Judio]. Sila ang mga napahamak sa 'Takdang Panahon' ng pagkahulog ng Jerusalem noong 70AD.

Ang mga namumuno at makapangyarihan sa Sanhedrin at mga sinagoga ay hindi kasali sa pinag-iisa ni Jesu-Cristo na 'Langit' at 'Lupa' sa ilalim ng pangalan niya. Dahil si Jesu-Cristo ay may sariling 'Langit' [mga namumuno o mga obispo sa iglesya ng Diyos] (Mga Gawa 20:28-30; Efeso 2:6).

Ang mga nasa 'Lupa' [mga ordinaryong Judio] na walang dinadalang apelyido o karangalan ng mga magulang ay dinadala lamang ang mga pangalan ng mga may katungkulan o kapangyarihan sa Templo o sa mga sinagoga. Sa 'Takdang Panahon' ay nagbago ito dahil ang mga Judio na maka-Cristo ay dala na nila ang pangalan ni Jesu-Cristo.

Kaya, ang mga pinag-isa ni Jesu-Cristo na 'Langit' at 'Lupa' sa ilalim ng pangalan o kapangyarihan [pamumuno] niya ay tinatawag din na 'Bahay ni Cristo' o 'Pamilya ng Diyos' (Efeso 3:15; Hebreo 3:6).

KAGANAPAN NG LAHAT

Sa panahon ng 'Kaganapan ng Lahat' (Colosas 1:25), ang 'Pamamahala ng Diyos' ay ang panahon ng 'Pahayag ni Jesu-Cristo' (Galacia 1:12; Pahayag 1:1). Na sa panahon ng 'Pahayag ni Jesu-Cristo' ay makukumpleto na ang mga mensahe ng Diyos. Kasama sa mga mensahe ng Diyos ang 'mga salita ng hula [propesiya]' (Pahayag 1:4) at 'hiwaga' [misteryo] (Roma 16:25; 1 Corinto 2:7).

Ang 'mga salita ng hula' ay tungkol sa 'Katuparan ng Mga Panahon' kung saan idineklara ang paghahari ng Diyos o pagdating ng Kaharian ng Diyos (Marcos 1:15; 9:1); ang pagbuhos ng mga biyaya [propesiya, kaalaman, atbp] at pagpapakita ng kapangyarihan [mga apostol, propeta,

guro, obispo, atbp] na nagmumula sa Banal na Espiritu (Mga Gawa 2:17; Mateo 23:34) bilang mga boses ng Diyos at katotohan laban sa kasinungalingan ng mga pari na nasa Ikalawang Templo; ang paglitaw ng mga di-tunay na Cristo, mga huwad na propeta, mga anticristo (Mateo 24:24; 1 Juan 2:18-19); ang pag-uusig at kamatayan ng mga maka-Cristo (Mateo 24:9); mga paghihirap: digmaan, taggutom, mga salot, paglindol (Mateo 24:6-8); pagtalikod sa pananampalataya (Mateo 24:10); ngunit ipangangaral pa rin sa buong mundo nila ang ebanghelyo (Mateo 24:14); ang pagbabalik ni Jesu-Cristo (Mateo 16:27-28; 1 Corinto 4:5) at ang kaligtasan ng mga nananampalataya sa kanya (Mateo 24:13; Roma 11:25-26); ang muling pagkabuhay at pagbabago (1 Corinto 15:51-52); ang paghahayag ng poot ng Diyos (Roma 1:18); ang pagkahulog ng Jerusalem at pagkawasak ng Ikalawang Templo (Mateo 23:28, 24:1-2); ang pagpapakita at kamatayan ng Tampalasan (2 Tesalonica 2:7–8); ang paglipol sa lahat ng mga kapangyarihan at pagpuksa kay Satanas (1 Corinto 15:24; Roma 16:20).

Ang 'hiwaga' [misteryo] naman ay tungol sa Kaharian ng Diyos (Marcos 4:11) at kapangyarihan nito (1 Corinto 4:20) kay Jesu-Cristo bilang namumuno (Efeso 3:4; Filipos 2:9-11) at sa kanyang iglesia (Efeso 5:32) na pinag-isang samahan (Efeso 3:9) na mula sa mga maka-Cristo na mga Judio (1 Corinto 12:13) at mga Gentil (Efeso 3:6) na magpapangaral ng ebanghelyo (Efeso 6:19) ng katotohanan (Efeso 1:13) sa Bagong Kasunduan (Hebreo 8:11-13) sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (1 Tesalonica 1:5) ay maliligtas ang tao sa kamangmangan (Mga Gawa 17:30; Efeso 4:18) hanggang sa maging Kaharian ng Panginoon ang mga kaharian ng tao (Pahayag 11:5) sa kanyang paghuhukom sa 'Huling Oras' ng Wakas (1 Pedro 4:17). Ito ang 'Pagbabago' (1 Corinto 15:51-52) kung saan ang lahat ay naging 'Bagong Langit' at 'Bagong Lupa' (Pahayag 21:1).

LUMIPAS NA

Pahayag 21:4 ASND
Papahirin niya ang mga luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, kalungkutan, iyakan o sakit. Sapagkat lumipas na ang dating kalagayan.

Ang 'Lumipas Na' ay tumutukoy sa 'Dating Kalagayan' ng mga Judio na nasa 'Unang Langit' at 'Unang Lupa' (Pahayag 21:1). Ang ibig sabihin nito ay nagkaroon ng 'Pagbabago' sa sistema ng pagkapari at Kautusan para sa mga mananampalataya sa Kasunduan ng Diyos at Tao (Hebreo 7:12).

LUMIPAS NA ANG UNANG LANGIT

Ang 'Lumipas Na' ay 'Naglaho Na' dahil wala na ang dati. Kaya ang 'Unang Langit' na pinamumunuan ng mga pari at mga tagapagturo ng Kautusan ni Moises sa Lumang Tipan ay lumipas na, wala na.

Hebreo 1:10-11 ASND
At sinabi pa niya sa kanyang Anak,
"Sa simula, ikaw Panginoon, ang lumikha ng mundo at ng kalangitan.
11Maglalaho ang mga ito, ngunit mananatili ka magpakailanman.
Maluluma itong lahat tulad ng damit.

Kaya ang Kautusan ni Moises sa Lumang Tipan ay pinawalang-bisa na.

Hebreo 8:13 ASND
Nang sabihin ng Dios na may bago nang kasunduan, malinaw na pinawalang-bisa na niya ang nauna, at ang anumang wala nang bisa at luma na ay mawawala na lamang.

LUMIPAS NA ANG UNANG LUPA

Ang mga nasa 'Unang Lupa' [mga ordinaryong Judio] na walang sariling apelyido ay tila walang karangalan dahil dinadala lamang nila ang mga pangalan ng mga may katungkulan o kapangyarihan sa Templo o sa mga sinagoga.

Noong una pa man ay tinatawag lamang ang mga Judio sa unang pangalan nila na dinurugtungan ng unang pangalan ng kanilang ama [Hal. David na anak ni Jesse, Simon na anak ni Juan] o ninunong lalaki [Hal. Jesus na anak ni David]. Nalimot ang panahon na dala ang pangalan ng kanilang Diyos gaya sa Samuel, Daniel at Israel.

Ngunit nang dumating ang 'Takdang Panahon' ay nagbago ito dahil ang mga Judio at mga Gentil na nabautismuhan na sa 'pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu' ay dala rin nila ang pangalan ni Jesu-Cristo (Mateo 28:19; Mga Gawa 2:38). Kaya tinatawag din sila na 'nakay Cristo' o iglesya ni Cristo.

Dahil pinag-isa na ang dalawa at wala na ang Kautusan o Batas ni Moises na parang pader na naghihiwalay sa kanila ay tunay ngang 'Lumipas Na' ang 'Dating Kalagayan' (Efeso 2:13-15).

Ang Bagong Kasunduan ay nakay Jesu-Cristo (Hebreo 12:24).

LUMIPAS NA ANG DATING KALAGAYAN

Wala nang Kamatayan. Dahil mayroon nang Bagong Kasunduan, wala nang bisa ang Batas ni Moises sa Lumang Tipan. Ang Batas ni Moises na nagdudulot ng kamatayan ay wala nang bisa.

> *2 Corinto 3:10-11 ASND*
> *Kung nagpakita ang Dios ng kapangyarihan niya sa pamamagitan ng Kautusan na nagdudulot ng hatol na kamatayan, higit pa ang ipapakita niyang kapangyarihan sa pagpapawalang-sala sa mga tao. Ang totoo, balewala ang kapangyarihan ng Kautusan kung ihahambing sa kapangyarihan ng bagong pamamaraan ng Dios. Kung may kapangyarihang ipinakita ang Dios sa pamamagitan ng Kautusan na lumilipas, higit pa ang kapangyarihang ipinapakita niya sa bagong pamamaraang ito na nananatili magpakailanman.*

Wala nang Kalungkutan. Ang kalungkutan na tinutukoy ay para sa pagbagsak ng Jerusalem noong 70AD na ang tingin ng mga pumupuri sa kaniya ay hindi na siya babagsak kailanman sa kanyang pagka-reyna (Pahayag 18:7-8). Ang mga 'nakay Cristo' ay mayroon ding naging kalungkutan sa panahon ng paghihirap ngunit ito ay panandalian lamang dahil siya ay muling magbabalik. Sa pagbabalik ni Jesu-Cristo, pagkatapos ng pandaliang paghihirap, ay mayroong lubos na kagalakan (Juan 16:19-22).

> *Juan 16:22 ASND*
> *Ganyan din kayo. Nalulungkot kayo ngayon, pero magagalak kayo sa araw na magkita tayong muli. At walang sinumang makakaagaw ng inyong kagalakan.*

Wala nang Iyakan. Kasama ang iyakan sa kalungkutan na naganap nang sinakop ang Jerusalem ng mga sundalo ng Roma sa pamumuno ni Tito. Ang mensahe ni Jesu-Cristo tungkol dito ay umabot pa sa "mga anak na babae" ng Jerusalem dahil ang mga panaghoy nila para sa lungsod ay aabot pa hanggang sa pagkawasak nito.

Ngunit ang mga 'nakay Cristo' ay hindi iiyak dahil tinuruan din silang magpigil (1 Corinto 7:30); alam nila na panandaliang panahon iyon at titigil din ang mga pag-uusig. Ang kinatatakutan naman ng mga umusig sa kanila ay bubuhos na sa Jerusalem na kinakanlong ang mga pumatay sa mga nangangaral ng salita ng Diyos at dahil nanatili rin sila roon (Pahayag 5:5, 6:9-11).

Wala nang Sakit. Ang mga paghihirap at pagdaing na naganap ay tumutukoy sa pang-aalipin sa mga 'nakay Cristo' [mga anak ng Diyos] (Roma 8:21-23). Ngunit hindi na nagtagal iyon dahil dumating ang 'Katapusan ng mga Makapangyarihan' [mga namumuno sa Lumang Tipan o sa relihiyon ng mga Judio] (1 Corinto 15:24).

Ang dating mga bagay ay nakaraan na. Hindi na kailangang alalahanin ang mga bagay na lumipas na. Basahin natin ang patotoo ni Pablo tungkol dito:

Filipos 3:5-8 ASND
Sapagkat noong walong araw pa lamang ako ay tinuli na ako. Isa akong Israelita na mula sa lahi ni Benjamin. Kaya kung pagiging tunay na Judio ang pag-uusapan, talagang tunay akong Judio. At kung pagsunod sa Kautusan ng mga Judio naman ang pag-uusapan, talagang sinusunod ko ito dahil Pariseo ako. Kung tungkol naman sa sigasig ng pagsunod ko sa relihiyon ng mga Judio, inusig ko ang iglesya. Walang maipipintas sa akin pagdating sa pagsunod sa Kautusan. Pinapahalagahan ko noon ang lahat ng ito, pero ngayon itinuturing ko na itong walang halaga dahil kay Cristo. At hindi lang iyan, para sa akin, ang lahat ng bagay ay walang halaga kung ihahambing sa pagkakakilala ko kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Itinuring ko na parang basura ang lahat ng bagay makamtan lang si Cristo,

Inilarawan ni Pablo ang kanyang sarili bilang isang "Hebreo ng mga Hebreo," na pinalaki sa pananampalatayang Judio at pinag-aralan ang wikang Hebreo (Mga Gawa 22:2). Si Pablo ay kabilang sa mga Pariseo, ang pinakadiyos na sekta ng mga Judio noong panahong iyon. Ang mga Pariseo ay kilala na napakaistrikto sa pagtataguyod ng batas at tradisyon ng Lumang Tipan. Ngunit dumating ang panahon na ang lahat ng ito ay naging walang halaga sa kanya dahil may Bagong Kasunduan kay Jesu-Cristo.

Hebreo 8:13 ASND
Nang sabihin ng Dios na may bago nang kasunduan, malinaw na pinawalang-bisa na niya ang nauna, at ang anumang wala nang bisa at luma na ay mawawala na lamang.

Anumang bagay sa 'Dating Kasunduan' kay Moises ay 'Lumipas Na' at, para kay Pablo, wala nang halaga ito sa kanyang kasalukuyang panahon.

KONKLUSYON

1 Corinto 10:11 ASND
Ang mga bagay na ito'y nangyari bilang halimbawa sa atin, at isinulat upang magsilbing babala sa ating mga nabubuhay sa panahong nalalapit na ang katapusan ng lahat.

Pagdudahan ba natin ang ipinakikita ng Hebreo 9:26 na si Jesu-Cristo ay nagsakripisyo ng kanyang sarili sa 'Mga Huling Araw'?

> *Hebreo 9:26 ASND*
> *Dahil kung kailangang ulit-ulitin, maraming beses sanang nagdusa si Cristo mula pa nang likhain ang mundo. Pero minsan lamang siya naparito sa mundo para alisin ang mga kasalanan natin sa pamamagitan ng paghahandog ng kanyang sarili. Ginawa niya ito nitong mga huling araw.*

Na ang 'Mga Huling Araw' ay matatawag din na 'Katapusan ng Mga Panahon' sa ibang salin ay malinaw ang pagkakahayag. Na ang 'Mga Huling Araw' ay tumutukoy rin sa pagmemensahe ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo (Hebreo 1:2).

Isa pa, sa Galacia 4:4 ay mababasa natin na si Jesu-Cristo ay dumating sa 'Takdang Panahon' at namuhay sa ilalim ng Kautusan. Ibig sabihin, tumutugma ang 'Takdang Panahon' sa 'Mga Huling Araw' kung kailan namuhay at namatay si Jesu-Cristo sa ilalim ng Kautusan ni Moises sa Lumang Tipan.

Ang tinutukoy din ng 'Takdang Panahon' ay ang panahon ng sistema ng mga pari sa Ikalawang Templo kung saan umiiral ang batas ng mga sakripisyo bago pa ito magwakas noong 70AD nang wasakin ng mga sundalo ng Roma ang Jerusalem.

Kaya nasabi ni Pablo na nagsilbing babala ang mga pangyayari noong mga panahon ng kanilang mga ninuno na hindi naging kalugod-lugod sa Dios ang kanilang mga gawa at ang halimbawa nito sa panahon naman niya ay ang pagpatay kay Jesu-Cristo na naging dahilan para datnan na sila ng 'Katapusan ng Lahat' (1 Corinto 10:11).

Naiintindihan natin ngayon na ang 'Katapusan ng Lahat' ay hindi tungkol sa 1) katapusan ng daigdig at 2) katapusan ng sangkatauhan.

Kaya, ang 'Wakas' ay ang 'Katapusan ng Lahat' ng kapanahunan ng mga Judio sa pamumuno ng mga pari sa Templo ng lungsod ng Jerusalem.

*** WAKAS ***

APENDISE 1: SA PASIMULA



Ang Hardin ng Eden ay inilagay sa Silangan para sa isang dahilan, na kung paano rin ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili bilang Buhay na Diyos. Ngunit nasaan ito? Saan matatagpuan ang Hardin ng Eden?

Kung nagustuhan ninyo ang *Sa Wakas* ay tiyak na magugustuhan ninyo ang *Sa Pasimula*.

Bumisita na sa Internet Archive at i-download na ang inyong libreng pdf copy:

https://archive.org/details/sa-pasimula-hardin-ng-eden/

APENDISE 2: A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem



Matuto pa mula sa aking libreng aklat: *A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem*. Magsadya lamang sa Internet Archive para makapag-download ng inyong pdf copy:

https://archive.org/details/ad-70-ang-pagkahulog-ng-jerusalem

AD 70 — Ang Pagbagsak ng Jerusalem, ayon kay Josephus, ay nagdulot ng 1.1 milyong pagkamatay bilang resulta ng gutom at karahasan na ginawa ng tao. Ang mga Judiong nasawi, na nagmula sa ibang mga rehiyon ng Imperyo ng Roma para lamang ipagdiwang ang taunang Paskuwa sa Jerusalem, ay nahuli at napatay sa mga pagkubkob ng mga Romano.

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Tim Pagaduan Liwanag ay isang autor na Filipino at iskolar ng kasaysayang pangkultura ng Israel at iba pang mga bansa sa Sinaunang Malapit na Silangan. Siya rin ang may-akda sa *Fulfilled Prophecies* na nagsasalaysay ng mga natupad na propesiya ng mga Judio noong unang-siglo ng Israel. Ito ang nagbigay sa kanya ng pagkilala bilang unang Filipinong may-akda na sumulat ng isang libro tungkol sa mga natupad na eskatolohiya. Nagbigay din siya ng paraan ng pag-unawa sa katuparan ng mga propesiya sa pamamagitan ng mga mata ng orihinal na nilalayong tagapakinig ng mga hula at sa buong paghahayag ng mga misteryo.

Tuklasin ang iba pang mga akda ni Tim Liwanag

Sa Pasimula
Sa Wakas
AD 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem
Fulfilled Prophecies
Why Jesus Came To Hell
Ultrapowerful Jesus
Israel Only?

Makipag-ugnayan sa Autor

Facebook | https://www.facebook.com/tim.liwanag
Quora | https://www.quora.com/profile/Tim-Liwanag
Blog | https://believe-the-bible.blogspot.com/
Smashwords | https://www.smashwords.com/profile/view/timliwanag
Goodreads | https://www.goodreads.com/author/show/13997377.Tim_Liwanag